

Para sa Karagdagang Impormasyon mula sa FDIC

Tumawag nang libre sa
1-877-ASK-FDIC (1-877-275-3342)

Linya para sa may-kapansanan sa pandinig
1-800-925-4618

Kalkulahin ang sakop ng seguro
Gamitin ang online Electronic Deposit Insurance Estimator (EDIE) ng FDIC sa:
www.fdic.gov/edie

Magbasa online nang higit pa tungkol sa seguro ng FDIC
sa: www.fdic.gov/deposit/deposits

Tingnan ang mga madalas itanong tungkol sa sakop ng seguro sa deposito
sa: www.fdic.gov/deposit/deposits

Humiling online ng mga produktong pang-seguro sa deposito mula sa FDIC
sa: <https://vcart.velocitypayment.com/vfdic/index.php>

I-email ang mga tanong
Gamitin ang online na Pormularyo ng Tulong sa Customer (Customer Assistance Form) ng FDIC
sa: www2.fdic.gov/starsmail

Ikoreo ang mga tanong sa
Federal Deposit Insurance Corporation
Attn: Deposit Insurance Outreach
550 17th Street, NW
Washington, DC 20429

Maaring mailimbag nang buo nang walang pagbabawal.

FDIC-044-2011 (7/2011) (Filipino/Tagalog)

Disenyo: FDIC/DOAC/SB/Graphic Design Unit

Ang Inyong Mga Nakasegurong Deposito




Federal Deposit
Insurance Corporation

Mahalagang Impormasyon Tungkol sa Polyetong Ito

Ang *Inyong mga Nakasegurong Deposito* ay isang masaklaw na larawan ng sakop ng seguro sa deposito ng FDIC para sa mga pinakakaraniwang kategoriya ng pagmamay-ari ng account. Hindi layunin nitong polyeto ang magpaliwanag ng mga batas at patakaran ng FDIC. Para sa karagdagang impormasyon o mas partikular na impormasyon tungkol sa sakop ng seguro ng FDIC, konsultahin ang Federal Deposit Insurance Act (12 U.S.C.1811 et seq.) at ang mga patakaran ng FDIC hinggil sa sakop ng seguro na inilalarawan sa 12 C.F.R. Bahagi 330.

Ang impormasyon sa polyetong ito ay batay sa mga batas at patakaran ng FDIC na umiiral noong inilathala ang polyeto. Ang mga alituntuning ito ay maaring susugan at, sa gayon, ang ilan sa mga impormasyon sa polyetong ito ay maaaring mawalan ng bisa. Ang online na salin ng polyetong ito, na matatagpuan sa website ng FDIC sa www.fdic.gov/deposit/deposits, ay agad babaguhin kung may naisagawang pagbabago sa alituntunin na nakakaapekto sa sakop ng seguro ng FDIC.

Dapat tandaan ng mga depositor na maliwanag na nililimitahan ng batas pederal ang halaga ng seguro na maaring bayaran ng FDIC sa mga depositor kapag ang nakasegurong bangko ay nagsara, at walang pahayag ng sinumang tao o samahan ang makakapagtaas o makakapagbago ng halagang iyon.


Hindi nagbibigay ng payo sa pagpapalano ng ari-arian ang polyetong ito. Ang mga depositor na nangangailangan ng ganitong tulong ay dapat makipag-ugnayan sa isang tagapagpayong pinansiyal o legal. Para maging simple, gagamitin ng polyetong ito ang terminong “nakasegurong bangko” upang mangahulugang anumang bangko o savings association na isineguro ng FDIC. Upang matiyak na isineseguro ng FDIC ang isang partikular na bangko o savings association:

- Tumawag sa FDIC nang libre: **1-877-275-3342**
- Gamitin ang “Bank Find” ng FDIC sa: www2.fdic.gov/idasp/main_bankfind.asp, o
- Hanapin ang etiketa ng FDIC kung saan tinatanggap ang mga deposito

Tala ng mga Nilalaman

- 2 Mga Pangunahing Bagay Tungkol sa Seguro ng FDIC
- 3 Pansamantalang Seguro na Walang Hangganan para sa mga Transaction Account na Hindi Gumagana ng Interes
- 4 Mga Kategoriya ng Pagmamay-ari
- 4 Mga Single Account
- 5 Mga Partikular na Account sa Pagreretiro
- 7 Mga Joint Account
- 9 Mga Revocable (Maaaring Bawiing) Trust Account
- 14 Mga Irrevocable (Hindi Maaaring Bawiing) Trust Account
- 15 Mga Account na Planong Nagbibigay ng Benepisyo sa Empleyado (Employee Benefit Plan Accounts)
- 17 Mga Account ng mga Korporasyon/ Samahan (Partnership)/Asosasyong Hindi Ingkorporada
- 18 Mga Account ng Pamahalaan
- 20 Mga Tanong at Mga Sagot

Pabalat sa Likod Para sa Higit Pang Impormasyon mula sa FDIC



Mga Pangunahing Bagay Tungkol sa Sakop ng Seguro sa FDIC

Ang FDIC – daglat para sa Federal Deposit Insurance Corporation – ay isang independiyenteng ahensiya ng pamahalaan ng Estados Unidos. Binibigyan ng FDIC ng proteksiyon ang mga depositor ng mga nakasegurong bangko na nasa Estados Unidos laban sa pagkawala ng kanilang mga deposito kung sakaling magsara ang nakasegurong bangko.

Sinumang tao o entidad ay maaring sakupin ng seguro ng FDIC sa isang nakasegurong bangko. Hindi kailangang maging isang mamamayan o naninirahan ng Estados Unidos upang maseguro ng FDIC ang kanyang mga deposito.

Ang seguro ng FDIC ay itinataguyod nang may buong tiwala at kredito ng pamahalaan ng Estados Unidos. Mula 1934, noong nagsimula ang FDIC, walang depositor ang nawalan ng ni isang sentimo ng mga depositong isineguro ng FDIC.

Ano ang sinasakop ng seguro sa deposito ng FDIC?

Sinasakop ng seguro ng FDIC ang lahat ng mga uri ng depositong natanggap sa isang nakasegurong bangko, kabilang ang mga deposito sa isang checking account, *negotiable order of withdrawal* (NOW) na account, *savings account*, *money market deposit account* (MMDA) o *time deposit* katulad ng *certificate of deposit* (CD).

Sinasakop ng seguro ng FDIC ang mga account ng depositor sa bawat nakasegurong bangko, dolyar-para sa-dolyar, kasama ang prinsipal at anumang naipong interes hanggang sa petsa ng pagsara ng nakasegurong bangko, hanggang sa hangganan ng seguro.

Hindi isineseguro ng FDIC ang perang ipinamupunan sa mga stock, bond, mutual fund, life insurance policy, annuity o municipal security, kahit ibinili ang mga puhunang ito sa nakasegurong bangko.

Hindi isineseguro ng FDIC ang mga safe deposit box o ang mga nilalaman ng mga ito.

Hindi isineseguro ng FDIC ang mga U.S. Treasury bill, bond o note, ngunit ang mga puhunang ito ay itinataguyod nang buong tiwala at kredito ng pamahalaan ng Estados Unidos.

Gaanong sakop ng seguro ang ibinibigay ng FDIC?

Ang karaniwang halaga ng seguro sa deposito ay \$250,000 bawat depositor, bawat nakasegurong bangko, para sa bawat kategoriya ng pagmamay-ari ng account.

Isineseguro ng FDIC ang mga deposito na inilagay ng isang tao sa isang nakasegurong bangko nang hiwalay sa anumang mga deposito niya na nasa ibang nakasegurong bangko na may hiwalay na charter. Halimbawa, kung ang isang tao ay may certificate of deposit sa Bangko A at may certificate of deposit sa Bangko B, ang mga account ay hiwalay na iseseguro hanggang sa \$250,000. Ang mga pondong nakadeposito sa mga hiwalay na sangay ng parehong nakasegurong bangko ay hindi hiwalay na iseseguro.

Nagbibigay ang FDIC ng hiwalay na sakop ng seguro para sa mga pondo ng mga depositor na maaari nilang inilagay sa mga magkakaibang kategoriya ng legal na pagmamay-ari. Tinutukoy ng FDIC ang mga magkakaibang kategoriya ng iyon bilang "mga kategoriya ng pagmamay-ari."

Nangangahulugan na ang customer ng bangko na may higit sa isang account ay maaring maging kuwalipikado para sa sakop sa seguro na higit sa \$250,000, kung ang kanyang mga pondo ay nakadeposito sa magkakaibang kategoriya ng pagmamay-ari, at natugunan niya ang mga kinakailangan para sa bawat kategoriya ng pagmamay-ari.

Pansamantalang Seguro na Walang Hangganan (Temporary Unlimited Coverage) para sa mga Transaction Account na Hindi Gumagana ng Interes (Noninterest-bearing Transaction Account)

Mula Disyembre 31, 2010 hanggang Disyembre 31, 2012, ang lahat ng mga transaction account na hindi gumagana ng interes (noninterest-bearing transaction accounts) ay ganap na nakaseguro, kahit gaano ang laki ng account at kahit ano ang kapasidad ng pagmamay-ari ng mga pondo. Itong seguro ay maaring makuha ng lahat ng mga depositor, kabilang ang mga consumer, mga negosyo, at mga entidad ng pamahalaan. Itong seguro na walang hangganan ay hiwalay at idadagdag sa segurong ibinibigay sa mga ibang account ng depositor na nasa bangkong isineguro ng FDIC.

Ang isang noninterest-bearing transaction account ay isang deposit account kung saan:

- walang natitipon o ibinabayad na interes;
- pinapayagan ang mga depositor na gumawa ng kasing-daming transfer at withdrawal na gusto nilang gawin; at
- hindi inirereserba ng bangko ang karapatan na kumailangan ng paunang abiso ng isang pinaplanong withdrawal.

Kabilang din sa isang noninterest-bearing transaction account ang lahat ng mga depositong nakalagay sa isang Interest on Lawyers Trust Account (IOLTA) o katumbas nito.

Pansinin: Ang mga Money Market Deposit Accounts (MMDAs) at Negotiable Order of Withdrawal (NOW) accounts ay **hindi** kuwalipikado para sa temporary unlimited insurance coverage, kahit gaano kataas ang interest rate, at kahit walang ibinabayad na interes.

Upang makakuha ng karagdagang impormasyon, tingnan ang Frequently Asked Questions (Mga Madalas na Katanungan) ng FDIC hinggil sa Dodd-Frank Act sa www.fdic.gov/deposit/deposits.

Mahalaga!

Ipinapalagay ng paliwanag at ng mga halimbawa ng sakop ng seguro sa deposito (deposit insurance coverage) sa polyetong ito na ang mga deposito ay nasa accounts na gumagana ng interes, maliban kung iba ang tiniyak.

Mga Kategoriya ng Pagmamay-ari

Ang bahaging ito ay naglalarawan sa mga sumusunod na kategoriya ng pagmamay-ari sa FDIC at sa mga pangangailangang dapat tugunan ng depositor upang maging kuwalipikado para sa sakop ng seguro na higit sa \$250,000 sa isang nakaseguro ng bangko:

- **Mga Single Account**
- **Mga Partikular na Account para sa Pagreretiro (Certain Retirement Accounts)**
- **Mga Joint Account**
- **Mga Revocable (Maaaring Bawiing Trust) Account**
- **Mga Irrevocable (Hindi Maaaring Bawiing Trust Account)**
- **Mga Account na Planong-Nagbibigay ng Benepisyo sa Empleyado (Employee Benefit Plan Accounts)**
- **Mga Account ng mga Korporasyon/Samahan (Partnership)/mga Samahang Hindi Inkorporada**
- **Mga Account ng Pamahalaan**

Mga Single Account

Ang *single account* ay isang depositong pag-aari ng isang tao. Kabilang sa kategoriya ng pagmamay-aring ito ang:

- Isang account na nasa pangalan ng isang tao lamang, sa kondisyong ang may-ari ay hindi naghirang ng sinumang (mga) benepisyaryo na may karapatang tumanggap ng mga pondo sa pagkamatay ng may-ari
- Isang account na itinatag para sa isang tao ng isang ahente, hinirang (nominee), tagapag-alaga (guardian), tagapag-ingat (custodian), o conservator, kabilang ang mga Uniform Transfers to Minors Act accounts, mga escrow account at mga brokered deposit account (may ahente o tagapamagitan)
- Isang account na nasa pangalan ng isang negosyo na sole proprietorship (kaisa-isang pagmamay-ari, halimbawa, isang account na "Doing Business As" o DBA)
- Isang account na itinatag para sa o upang kumatawan sa mga pondo ng isang taong namatay - karaniwang alam bilang isang decedent's estate account
- Anumang account na hindi kuwalipikado para sa hiwalay na sakop sa ilalim ng ibang kategoriya ng pagmamay-ari

Kung kinikilala ng titulo ng account ang isang may-ari lamang, ngunit may ibang taong may karapatang magwithdraw ng mga pondo mula sa account (halimbawa, bilang Power of Attorney, o custodian, o tagapag-ingat) iseseguro ng FDIC ang account bilang isang single ownership account.

Pinagsasama-sama ng FDIC ang lahat ng mga single account na pag-aari ng parehong tao sa parehong bangko, at isineseguro ang kabuuan hanggang sa \$250,000.

Mahalaga!

Kung ang isang account ay pag-aari ng isang tao, at ang may-ari ay naghirang ng isa o higit pang mga benepisyaryo na tatanggap ng deposito kapag namatay ang may-ari ng account, ang account ay iseseguro bilang isang revocable trust account.

Halimbawa 1 Single Account

Titulo ng Account	Uri ng Deposito	Balanse ng Account
Marci Jones	MMDA	\$ 15,000
Marci Jones	Savings	20,000
Marci Jones	CD	200,000
Marci's Memories (isang sole proprietorship o kaisa-isang pagmamay-ari)	Checking	25,000
Kabuuan		260,000
Halagang Nakaseguro		250,000
Halagang Hindi Nakaseguro		\$ 10,000



Paliwanag

Si Marci Jones ay may apat na single account sa parehong nakaseguro ng bangko, kabilang ang isang account na nasa pangalan ng kanyang negosyo, na sole proprietorship (kaisa-isang pagmamay-ari). Isineseguro ng FDIC ang mga deposito na pag-aari ng isang sole proprietorship bilang single account ng may-ari ng negosyo. Pinagsasama-sama ng FDIC ang apat na account, na aabot sa \$260,000, at isineseguro ang kabuuang balanse nang hanggang \$250,000, hindi kasama ang natitirang \$10,000 na hindi iseseguro.

Mga Partikular na Account para sa Pagreretiro (Certain Retirement Accounts)

Ang isang account para sa pagreretiro ay nakaseguro sa ilalim ng kategoriya ng pagmamay-ari ng Mga Partikular na Account para sa Pagreretiro sa kondisyon lamang na kuwalipikado ang account bilang isa sa mga sumusunod:

- Individual Retirement Account (IRA) kabilang ang:
 - o Tradisyunal na IRA
 - o Roth IRA
 - o Simplified Employee Pension (SEP) IRA
 - o mga Savings Incentive Match Plans para sa mga Empleyado (SIMPLE) IRA

- Self-directed defined contribution plan account kabilang ang:
 - Self-directed 401(k) plan
 - Self-directed SIMPLE IRA na hawak sa tipo ng isang 401(k) plan
 - Self-directed defined contribution profit-sharing plan
- Self-directed Keogh plan account (o account na H.R. 10 plan) na dinesenyo para sa mga taong may-sariling trabaho (mga taong self-employed)
- Seksyon 457, deferred compensation plan account, katulad ng isang karapat-dapat na deferred compensation plan na ipinagkakaloob ng pamahalaan ng estado at ng mga lokal na pamahalaan, kung “self-directed” ang plano o hindi

Pinagsasama-sama ng FDIC ang lahat ng mga account para sa pagreretiro na nakalista sa itaas na pag-aari ng parehong tao sa parehong naka-segurong bangko at isineseguro ang kabuuang halaga nang hanggang \$250,000.

Itinatakda ng FDIC ang terminong “self-directed” upang mangahulugan ang mga kalahok ng plano ay may karapatang itakda kung paano pupuhunanin ang pera, kasama ang kakayahang itakda na ilagay ang mga deposito sa isang bangkong isineguro ng FDIC.

Ituturing ng FDIC na self-directed ang isang account kung ang kalahok sa plano para sa pagreretiro (retirement plan) ay may karapatang pumili ng mga deposit account sa isang partikular na bangko bilang isang opsiyon sa pamumuhunan. Halimbawa:

- Kung ang isang plano ay may mga deposit account sa isang partikular na bangkong nakaseguro bilang default opsiyon nito sa pamumuhunan, ituturing ng FDIC na self-directed ang plano para sa mga layunin ng pagsakop ng seguro dahil, sa pamamagitan ng di-pagkilos, itinuro ng kalahok ang paglagay ng ganitong mga deposito
- Kung ang isang plano ay binubuo ng iisang pinagtatrabahuhan/empleyado, at ang pinagtatrabahuhan ay nagtatag ng plano na may iisang opsiyon sa pamumuhunan na mga deposit account sa isang partikular na bangkong nakaseguro, ang plano ay ituturing na self-directed para sa mga layunin ng pagsakop ng seguro
- Kung ang tanging paraan ng pamumuhunan ng plano ay ang mga deposit account sa isang partikular na bangko, kaya ang mga kalahok ay walang mapagpipiliang pamumuhunan, ang plano ay sa gayon **hindi** ituturing na self-directed para sa mga layunin ng pagsakop ng seguro

Halimbawa 2: Mga Partikular na Account para sa Pagreretiro (Certain Retirement Accounts)	
Titulo ng Account	Balanse ng Account
Roth IRA ni Bob Johnson	\$ 110,000
IRA ni Bob Johnson	75,000
Kabuuang	185,000
Halagang Nakaseguro	185,000
Halagang Hindi Nakaseguro	\$ 0



Paliwanag

Si Bob Johnson ay may dalawang uri ng account sa pagreretiro na kuwalipikado bilang Mga Partikular na Account para sa Pagreretiro (Certain Retirement Accounts), sa parehong nakasegurong bangko. Pagsasamahin ng FDIC ang mga deposito sa dalawang account, na aabot sa \$185,000. Dahil ang kabuuang lahat ng partikular na account ni Bob para sa pagreretiro na nasa parehong bangko ay mas mababa kaysa \$250,000, ang kanyang mga depositong IRA ay ganap na nakaseguro

Ang mga sumusunod na tipo ng deposito ay hindi kuwalipikado bilang Mga Partikular na Account para sa Pagreretiro (Certain Retirement Accounts)

- Mga deposit account na itinatag alinsunod sa bahagi 403(b) ng Internal Revenue Code (mga annuity contract para sa ilang mga empleyado ng mga pampublikong paaralan, mga organisasyong hindi kailangang magbayad ng buwis at mga ministro), na nakaseguro bilang mga employee benefit plan account (mga account para sa mga planong nagbibigay ng benepisyo sa empleyado)
- Mga depositong ‘defined-benefit plan’ (mga plano kung saan ang mga benepisyo ay binibigyan-katiyakan ng sahod ng empleyado, ang dami ng taon ng serbisyo at edad), na nakaseguro bilang employee benefit plan accounts (mga account na nagbibigay ng benepisyo sa empleyado)
- Mga defined contribution plans na hindi self-directed, na nakaseguro bilang mga Employee Benefit Plan Accounts
- Mga Coverdell Education Savings Accounts (dating kilala bilang mga Education IRA), Health Savings Accounts o Medical Savings Accounts (tingnan ang Q&A section upang makakuha ng mga alituntunin hinggil sa sakop ng seguro sa deposito)



Mahalaga!

Habang ang ilan sa mga self-directed retirement accounts, katulad ng mga IRA, ay nagpapahintulot sa may-ari na tumakda ng isa o higit pang mga enepisyaryo, ang pagkakaroon ng mga benepisyaryo ay hindi nakakapagalaki ng makukuhang sakop ng seguro.

Mga Joint Account

Ang joint account ay isang deposito na pag-aari ng dalawa o higit pang mga tao, na walang mga benepisyaryong hinirang. Sinasakop ng seguro ng FDIC ang mga joint account na pag-aari sa anumang paraan, na sumasang-ayon sa angkop na batas ng estado, katulad ng mga joint tenants na may right of survivorship (pagmamay-ari ng dalawang tao kung saan sa pagkamatay ng isang may-ari ang natitirang may-ari ay may karapatang angkinin ang pag-aari), mga tenants by the entirety (pagmamay-ari kung saan sa pagkamatay ng isang may-ari ang lahat ng karapatan ay pupunta sa natitirang may-ari) at mga tenants in common (pagmamay-aring hindi nahihwa-hiwalay, kung saan hindi maaring hatiin ng mga may-ari ang pag-aari).

Upang maging kuwalipikado para sa sakop ng seguro sa ilalim nitong kategoriya ng pagmamay-ari, dapat matugunan ang lahat ng mga sumusunod na kinakailangan:

1. Dapat tao ang lahat ng mga co-owners, o magkasamang may-ari. Ang mga legal na entidad katulad ng mga korporasyon, mga trust, mga estate (ari-arian) o mga samahan (partnership) ay hindi angkop para sa sakop ng joint account.
2. Ang lahat ng mga kasamang may-ari ay dapat may pantay na karapatang mag-withdraw, ng mga deposito mula sa account. Halimbawa, kung ang isang kasamang may-ari ay maaring mag-withdraw ng mga deposito gamit ang kanyang pirma lamang, ngunit ang ibang may-ari ay nakakawithdraw ng mga deposito gamit ang pirma ng dalawang kasamang may-ari.
3. Kailangang pirmahan ng lahat ng mga kasamang may-ari ang deposit account signature card (tarheta ng mga lagda ng mga may-ari ng deposit account) maliban kung ang account ay CD o itinatag ng isang ahente, hinirang, tagapag-alaga, tagapag-ingat, tagatupad o conservator.

Kung ang lahat ng mga kinakailangang ito ay natugunan, bawat kabahagi ng kasamang may-ari ng bawat joint account na pag-aari niya sa parehong nakasegurong bangko ay pagsasama-samahin sa kanyang mga bahagi ng ibang mga sa parehong bangko, at ang kabuuan ay iseseguro nang hanggang \$250,000.

Ipinapalagay ng FDIC na ang lahat ng mga kabahagi ng mga kasamang may-ari ay magkasinalaki maliban kung nakasaad sa mga tala ng deposit account na hindi.

Ang balanse ng joint account ay maaring lumampas sa \$250,000 at manatili pa ring lubos na nakaseguro. Halimbawa, kung ang parehong dalawang tao ay kasamang may-ari ng isang \$350,000 CD at ng isang \$150,000 na savings account sa parehong nakasegurong bangko, ang dalawang mga account ay pagsasamahin at iseseguro nang hanggang \$500,000, na magbibigay ng hanggang \$250,000 sa sakop ng seguro para sa bawat kasamang may-ari. Ipinapalagay ng halimbawang ito na ang dalawang kasamang may-ari ay walang ibang joint account sa bangko.

Walang kailangang ugnayan para sa sakop sa joint account. Sinumang dalawa o higit pang mga tao na kasamang may-ari ng mga pondo ay maaring maging kuwalipikado para sa sakop ng seguro sa joint account na kategoriya ng pagmamay-ari, sa kondisyong natugunan ang mga pangangailangang nakalista sa itaas.

Ang sakop ng seguro ng mga joint account ay hindi tataas sa pamamagitan ng pag-iba ng ayos ng mga pangalan ng mga may-ari o pagbabago ng istilo ng kanilang mga pangalan. Ang paghahiling paggamit ng "o," "at" o "at/o" upang paghiwalayin ang mga pangalan ng mga kasamang may-ari sa titulo ng isang joint account ay hindi rin makakaapekto sa halaga ng sakop ng segurong ibibigay.

Karagdagan, ang sakop ng seguro ay hindi itataas ng paggamit ng mga magkakaibang Social Security number sa higit sa isang account na hawak ng parehong kasamang may-ari.

Mahalaga!

Kung ang mga magkasosyong may-ari ng isang account na jointly held, o may magkasamang pagmamay-ari, ay naghirang ng isa o higit pang mga benepisyaryo na tatanggap ng deposito kapag namatay ang mga magkasosyong may-ari, ang account ay iseseguro bilang isang **revocable trust account (maaaring bawiing trust account)**.

Halimbawa 3: Joint Account

Titulo ng Account	Uri ng Deposito	Balanse ng Account
Mary at John Smith	MMDA	\$ 230,000
Mary o John Smith	Savings	300,000
Mary o John o Robert Smith	CD	270,000
Kabuuan		\$ 800,000

Ang sakop ng seguro para sa bawat may-ari ay kakalkulihin sa ganitong paraan:

Mga May-ari	Pagmamay-ari Kabahagi	Halaga Nakaseguro	Halaga Hindi Nakaseguro
Mary	\$ 355,000	\$ 250,000	\$ 105,000
John	355,000	250,000	105,000
Robert	90,000	90,000	0
Kabuuan	\$ 800,000	\$ 590,000	\$ 210,000



Paliwanag

- Ang kabahagi ng pagmamay-ari ni Mary sa lahat ng mga joint accounts ay $\frac{1}{2}$ ng MMDA account (\$115,000), $\frac{1}{2}$ ng savings account (\$150,000), at $\frac{1}{3}$ ng CD (\$90,000), para sa kabuuang \$355,000. Dahil ang kanyang sakop sa kategoriya ng pagmamay-ari sa joint account ay limitado sa \$250,000, ang \$105,000 ay hindi nakaseguro
- Ang bahaging pag-aari ni John sa lahat ng mga joint account ay pareho ng kay Mary, kaya't \$105,000 ng mga deposito ni John ay hindi nakaseguro
- Ang bahagi ng pag-aari ni Robert sa lahat ng mga joint accounts ay $\frac{1}{3}$ ng CD, o \$90,000, kaya't ang bahagi niya ay ganap na nakaseguro

Mga Maaaring Bawiing Trust Account (Revocable Trust Accounts)

Ipinapaliwanag ng bahaging ito ang sakop ng seguro ng FDIC para sa mga maaaring bawiing trust account, at hindi inilaan bilang payo sa pagpapalano ng mga ari-arian o gabay. Ang mga Depositor ay dapat makipag-ugnayan sa isang legal o pinansiyal na tagapag-payo para sa tulong sa pagpapalano ng mga ari-arian.

Ang maaaring bawiing trust account (revocable trust account) ay isang deposit account na pag-aari ng isa o higit pang tao na kumikilala sa isa o higit pang mga benepisyaryo na makakatanggap ng mga deposito sa kamatayan ng (mga) may-ari. Ang revocable trust ay

maaaring bawiin, wakasin o baguhin kahit kailan, sa kapasiyahan ng (mga) may-ari. Sa bahaging ito, ang terminong “may-ari” ay nangangahulugang grantor, settlor, o trustor ng maaaring bawiing trust.

Kapag kinakalkula ang sakop ng seguro sa deposito, hindi nauugnay ang pagtatalaga ng mga trustee, mga co-trustee o mga successor trustee. Sila ay mga administrador at hindi isinaalang-alang sa pagkalkula ng sakop ng seguro sa deposito.

Kabilang sa kategoriya sa pagmamay-aring ito ang mga hindi pormal at pormal na maaaring bawiing trust (informal and formal revocable trust):

- Mga hindi pormal na maaaring bawiing trust (informal revocable trust) - kadalasan tinatawag na ‘payable on death’, totten trust, ‘in trust for’ o ‘as trustee for’ account – ay ginagawa kapag ang may-ari ng account ay pumirma ng kasunduan
 - kadalasan bahagi ng signature card ng bangko (tarheta ng bangko para sa mga pirma)
 - na nag-uutos sa bangko na ilipat ang mga pondo ng account sa isa o higit pang mga binanggit na benepisyaryo sa kamatayan ng may-ari
- Mga pormal na maaaring bawiing trust (formal revocable trust) - kilala bilang mga living o family trust - ay mga nakasulat na trust na ginagawa para sa mga layunin ng pagplano ng mga ari-arian. Ang may-ari ang namamahala sa mga deposito at sa mga ibang ari-arian sa trust habang buhay pa siya. Ipinapatunay ng kasunduan na ang mga deposito ay ibabayad sa isa o higit pang kinilalang mga benepisyaryo sa kamatayan ng may-ari. Kalimitan, ang trust ay nagiging hindi maaaring bawiin sa kamatayan ng may-ari.

Sakop at Mga Kinakailangan para sa mga Maaaring Bawiing Trust Account

Kalimitan, ang may-ari ng isang maaaring bawiing trust account ay nakaseguro hanggang sa \$250,000 para sa bawat kakaibang benepisyaryo, kung ang lahat ng mga sumusunod na kinakailangan ay natugunan:

1. Kailangang ipakita ng titulo ng account sa bangko na ang account ay nasa bangko alinsunod sa isang trust relationship o ugnayang may pagkakatiwala. Ang patakaranang ito ay maaring matugunan sa paggamit ng mga terminong ‘payable on death’ (o POD), ‘in trust for’ (or ITF), ‘as trustee for’ (or ATF), living trust, family trust, o anumang mga katulad na salita, kabilang ang simpleng paglagay ng “trust” sa titulo ng account. Kasama sa titulo ng account ang impormasyong nasa elektronikong tala ng bangko para sa mga deposit account nito.
2. Ang mga benepisyaryo ay kailangang binanggit maging sa mga tala ng mga deposit account ng bangko (para sa mga hindi pormal na maaaring bawiing trust) o kinilala sa dokumento ng pormal na maaaring bawiing trust. Para sa isang formal trust agreement (kasunduan sa isang pormal na trust), katanggap-tanggap na gumamit ang trust ng mga salitang katulad ng “my issue” o ibang karaniwang ginagamit na legal na termino upang ilarawan

ang mga benepisyaryong itinuro, sa kondisyong ang mga partikular na pangalan at numero ng mga karapat-dapat na benepisyaryo ay maaring matiyak.

3. Upang maging kuwalipikado bilang karapat-dapat na benepisyaryo, ang benepisyaryo ay kailangang buhay na tao, isang samahang pangkawanggawa o samahang hindi pinagkakakitaan. Kung ang isang samahang pangkawanggawa o samahang hindi pinagkakakitaan ay binanggit bilang benepisyaryo, ito ay dapat maging kuwalipikado nang ganito alinsunod sa mga patakaran ng Internal Revenue Service (IRS).

Ang account ay dapat tumugon sa lahat ng mga kinakailangan sa itaas upang maseguro sa ilalim ng kategoriya ng pagmamay-aring maaaring bawiing trust (revocable trust ownership category). Karaniwan, kung alinman sa mga kinakailangan sa itaas ay hindi natugunan, ang buong halaga sa account o ang bahagi ng account na hindi kuwalipikado, ay idinaragdag sa mga ibang single account ng may-ari, kung mayroon man, sa parehong bangko, at nakaseguro hanggang sa \$250,000. Kung ang trust ay may maraming co-owner (magkasamang may-ari), ang kabahagi ng bawat may-ari ng halagang hindi kuwalipikado ay ituturing bilang kanyang single ownership account (account na may iisang pag-aari).

Magkakaiba ang pagkalkula ng sakop ng seguro para sa mga maaaring bawiing trust account (revocable trust account), depende sa dami ng mga benepisyaryong binanggit ng may-ari, sa mga interes ng mga benepisyaryo at sa halaga ng deposito.

Dalawang paraan ng pagkalkula ang ginagamit upang matiyak ang sakop ng seguro para sa mga maaaring bawiing trust account: isang paraan ay ginagamit lamang kapag ang may-ari ng maaaring bawiing trust ay may lima o mas kaunting kakaibang benepisyaryo; ang ibang paraan ay ginagamit lamang kapag ang may-ari ay may anim o higit pang kakaibang benepisyaryo.

Kung ang isang trust ay may higit sa isang may-ari, ang bawat sakop ng seguro ng bawat may-ari ay hiwalay na kakalkulahin.

Sakop ng Seguro para sa Maaaring Bawiing Trust - Lima o Mas Kaunting mga Benepisyaryo

Kapag ang may-ari ng maaaring bawiing trust (revocable trust) ay nagbanggit ng lima o mas kaunting mga benepisyaryo, ang mga deposito ng may-ari sa trust ay sineseguro nang hanggang sa \$250,000 para sa bawat kakaibang benepisyaryo.

Ang patakaranang ito ay angkop sa pinagsamang interes ng lahat ng mga benepisyaryong binanggit ng may-ari sa lahat ng mga pormal at hindi pormal na maaaring bawiing trust account sa parehong bangko. Kapag may lima o mas kaunting benepisyaryo, ang pinakamalaking sakop ng seguro sa deposito para sa bawat may-ari ng trust ay tinitiyak sa pamamagitan ng pagmumultiplika ng \$250,000 sa dami ng mga kakaibang benepisyaryo, anuman ang dolyar na halaga o porsiyento na inilaan sa bawat kakaibang benepisyaryo.

Ang pinakamalaking sakop ng seguro para sa may-ari ng trust kapag may lima o mas kaunting kakaibang benepisyaryo

Dami ng mga Magkakaibang Benepisyaryo	Pinakamalaking Sakop ng Seguro sa Deposito
1 Benepisyaryo	\$ 250,000
2 Mga Benepisyaryo	\$ 500,000
3 Mga Benepisyaryo	\$ 750,000
4 Mga Benepisyaryo	\$ 1,000,000
5 Mga Benepisyaryo	\$ 1,250,000

Halimbawa 4: Mga POD account ng isang may-ari kapag may lima o mas kaunting kakaibang benepisyaryo

Account Titulo	May-ari	Mga Benepisyaryo	Uri ng Deposito	Balanse ng Account
John Jones POD	John	Jack, Janet	MMDA	\$ 10,000
John Jones POD	John	Jack, Janet	Savings	20,000
John Jones POD	John	Jack, Janet	CD	470,000
Kabuuan				500,000
Halagang Nakaseguro				500,000
Halagang Hindi Nakaseguro				\$ 0

Paliwanag

Si John Jones ay may tatlong maaaring bawiing trust account (revocable trust account) sa parehong nakasegurong bangko. Para sa bawat account, ang parehong dalawang kakaibang benepisyaryo ang itinalaga ni John. Ang pinakamalaking sakop ng seguro para sa mga account na ito ay kinakalkula bilang \$250,000 na minumultiplika sa dalawang mga benepisyaryo ay kasinghalaga ng \$500,000. Si John Jones ay ganap na nakaseguro.

Halimbawa 5: Higit sa isang maaaring bawiing trust account na may lima o mas kaunting kakaibang benepisyaryo

Numero ng Account	Titulo ng Account	Balanse ng Account
1	Paul at Lisa Li Living Trust, John at Sharon Li (Mga Benepisyaryo)	\$ 700,000
2	Lisa Li POD, Sharon at Bill Li (Mga Benepisyaryo)	\$ 450,000

Mga May-ari	Mga Benepisyaryo	Kabahagi ng May-ari	Halagang Nakaseguro	Halagang Hindi Nakaseguro
Paul	John, Sharon	\$ 350,000	\$ 350,000	\$ 0
Lisa	John, Sharon, Bill	800,000	750,000	50,000
Kabuuan		\$ 1,150,000	\$ 1,100,000	\$ 50,000

Paliwanag

Kapag ang may-ari ng maaaring bawiing trust ay nagbabanggit ng lima o mas kaunting mga benepisyaryo, ang kabahagi ng may-ari sa bawat trust account ay pagsasamahin at tatanggap ang may-ari ng sakop sa seguro ng hanggang \$250,000 para sa bawat magkaibang benepisyaryo.

- Ang kabahagi ni Paul: \$350,000 (50% ng Account 1)
- Ang kabahagi ni Lisa: \$800,000 (50% ng Account 1 at 100% ng Account 2)

Dahil si Paul ay nagbanggit ng dalawang magkaibang mga benepisyaryo, ang kanyang pinakamalaking sakop sa seguro ay \$500,000 (\$250,000 na minultiplika sa dalawang benepisyaryo). Dahil ang kanyang bahagi sa account 1, na \$350,000, ay mas mababa kaysa \$500,000, ganap siyang nakaseguro.

Dahil sa account 1 at 2 umabot sa total na tatlong magkakaibang mga benepisyaryo ang binanggit ni Lisa, ang kanyang pinakamalaking sakop ng seguro ay \$750,000 (\$250,000 minultiplika sa tatlong mga benepisyaryo). Dahil ang kanyang bahagi sa kapwa account, na \$800,000, ay higit sa \$750,000, hindi siya nakaseguro sa halagang \$50,000.

Sakop ng Seguro sa Maaaring Bawiing Trust - Anim o Higit na Magkakaibang Benepisyaryo

Mga Magkakasinlaking Interes sa Benepisyaryo

Kapag ang may-ari ng maaaring bawiing trust (revocable trust) ay nagbanggit ng anim o higit na magkakaibang mga benepisyaryo, at ang lahat ng mga benepisyaryo ay may kasinlaking interes sa trust (halimbawa, bawat benepisyaryo ay tatanggap ng eksaktong parehong halaga), ang kalkulasyon ng seguro ay pareho sa kalkulasyon para sa mga maaaring bawiing trust na nagbabanggit ng lima o mas kaunting mga benepisyaryo. Ang may-ari ng trust ay tatanggap ng sakop ng seguro na hanggang \$250,000 para sa bawat magkaibang benepisyaryo. Gaya ng ipinapakita sa ibaba, para sa isang may-ari at anim na mga benepisyaryo, kung saan ang lahat ng mga benepisyaryo ay may pantay na interes sa benepisyaryo, ang pinakamalaking sakop ng seguro ng may-ari ay hanggang \$1,500,000.

Ang pinakamalaking sakop ng seguro para sa bawat may-ari ng maaaring bawiing trust (revocable trust) kapag may anim o higit na na magkakaibang benepisyaryong may magkakasinlaking interes sa benepisyaryo.

Dami ng mga Magkakaibang Benepisyaryo	Pinakamalaking Sakop ng Seguro
6 na Benepisyaryong may magkakasinlaking interes	\$ 1,500,000
7 na Benepisyaryong may magkakasinlaking interes	\$ 1,750,000
8 na Benepisyaryong may magkakasinlaking interes	\$ 2,000,000
9 na Benepisyaryong may magkakasinlaking interes	\$ 2,250,000
10+ na Benepisyaryong may magkakasinlaking interes	dagdagan nang hanggang \$250,000 para sa bawat karagdagan magkaibang benepisyaryo

Hindi Magkakasinlaking Interes sa Benepisyaryo

Kapag ang may-ari ng maaaring bawiing trust (revocable trust) ay nagbabanggit ng anim o higit na mga benepisyaryo at ang mga interes sa benepisyaryo ng mga benepisyaryo ay hindi magkakasinlaking (halimbawa, tatanggap sila ng

mga magkakaibang halaga), ang mga deposito ng may-ari sa maaaring bawiing trust ay isineseguro para sa mas malaki sa alinman: (1) ang kabuuan ng tunay na interes ng bawat benepisyaryo sa mga deposito sa maaaring bawiing trust hanggang \$250,000 para sa bawat magkakaibang benepisyaryo, o (2) \$1,250,000.

Ang pagtitiyak ng sakop ng seguro ay maaring maging masalimuot kapag ang maaaring bawiing trust ay may anim o higit na magkakaibang mga benepisyaryo na ang mga interes ay hindi magkakasinlaki. Sa ganitong mga kaso, minumungkahi ng FDIC na ang mga depositor o ang kanilang mga tagapagpayong pinansiyal o legal ay makipag-ugnayan sa FDIC para sa tulong.

Mahalaga!

Ang isang may-ari na kumikilala sa isang benepisyaryo bilang may "life estate interest" sa isang pormal na maaaring bawiing trust (revocable trust) ay nararapat sa sakop ng seguro hanggang sa \$250,000 para sa benepisyaryong iyon. Ang isang benepisyaryo ng life estate ay isang benepisyaryong may karapatang tumanggap ng kita mula sa trust o gumamit ng mga deposito ng trust sa buong buhay ng benepisyaryo, kung saan ang ibang mga benepisyaryo ay tatanggap ng mga natitirang trust deposit pagkatapos mamatay ang benepisyaryo ng life estate.

Halimbawa: Ang asawang lalaki ang tanging may-ari ng isang living trust, o trust na nagkakabisa habang buhay ang settlor, na nagbibigay sa kanyang asawang babae ng isang life estate interest sa mga deposito ng trust, na ang natitira ay pupunta sa kanilang dalawang anak sa pagkamatay ng kanyang asawang babae. Ang pinakamalaking sakop ng seguro para sa account na ito ay kakalkulahin gaya ng sumusunod: \$250,000 x 3 magkakaibang benepisyaryo, o pinarami sa tatlong magkakaibang benepisyaryo, ay \$750,000.

Mga Hindi Maaaring Bawiing Trust Account

Ang mga hindi maaaring bawiing trust account ay mga deposit account na hinahawakan kaugnay sa isang trust na itinatatag alinsunod sa batas o nakasulat na trust agreement kung saan ang may-ari (tinutukoy din bilang isang grantor, settlor o trustor) ay nagbibigay ng mga deposito o ibang ari-arian sa trust, at isinusuko ang lahat ng kanyang kapangyarihang kanselahin o baguhin ang trust. Ang hindi maaaring bawiing trust ay maaari ding malikha sa pagkamatay ng may-ari ng isang maaaring bawiing trust.

Ang maaaring bawiing trust account na naging hindi maaaring bawiing trust account dahil sa pagkamatay ng may-ari ng trust ay maaring patuloy na maseguro alinsunod sa mga patakaran para sa mga maaaring bawiing trust. Samakatuwid, sa ganitong mga kaso, ang mga patakaran sa bahagi ng maaaring bawiing trust, hindi sa bahaging ito, ay maaring gamitin upang matiyak ang sakop.

Ang mga interes ng isang benepisyaryo sa lahat ng mga deposit account sa ilalim ng hindi maaaring bawiing trust na itinatatag ng parehong settlor at nasa parehong nakasegurong bangko ay pinagsasama-sama at isineseguro hanggang sa \$250,000, tanging kung natugunan ang lahat ng mga sumusunod na kinakilangan:

Ang trust ay kailangang balido sa ilalim ng batas ng estado

- Dapat isaad ng mga tala ng deposit account ng nakasegurong bangko ang pagkakaroon ng trust relationship, o ugnayang pagkakatiwala.
- Ang mga benepisyaryo at ang kanilang mga interes sa trust ay kailangang maaring makilala mula sa mga tala ng deposit account sa bangko o mula sa mga talaan ng trustee
- Ang halaga ng interes ng bawat benepisyaryo ay dapat walang mga kondisyon ayon sa mga itinatakdang mga patakaran ng FDIC

Kung magpapanatili ng interes ang may-ari sa trust, ang halaga sa ipinatiling interes ng may-ari ay idaragdag sa iba niyang mga single account, kung mayroon man, sa parehong nakasegurong bangko, at ang kabuuan ay iseseguro hanggang sa \$250,000.

Mahalaga!

Dahil ang mga hindi maaaring bawiing trust (irrevocable trust) ay kadalasang naglalaman ng mga kondisyong nakaka-apekto sa mga interes ng mga benepisyaryo o nagbibigay sa isang trustee o sa isang benepisyaryo ng kapangyarihang galawin ang prinsipal, ang sakop ng seguro para sa hindi maaaring bawiing trust account ay kadalasang limitado sa \$250,000.

Ang may-ari o katiwala (trustee) ng hindi maaaring bawiing trust account na hindi sigurado sa mga tadhana ng trust ay dapat kumonsulta sa tagapagpayong legal o pinansiyal.

Mga Account na Planong Nagbibigay ng Benepisyado sa Empleyado (Employee Benefit Plan Account)

Ang account na planong nagbibigay ng benepisyado sa empleyado (employee benefit plan account) ay isang depositong isang pension plan, profit-sharing plan, defined benefit plan o ibang plano ng benepisyado sa empleyado, na hindi self-directed.

Kailangang masapatan ng isang account na nakaseguro sa ilalim nitong kategoriya ng kahulugan ng isang employee benefit plan na nakasaad sa bahagi 3(3) ng Employee Retirement Income Security Act ("ERISA") ng 1974, maliban sa mga planong kuwalipikado sa ilalim ng kategoriya ng pagmamay-ari ng Certain Retirement Account. Hindi isineseguro ng FDIC ang plano mismo, kundi ang mga deposit accounts na pag-aari ng plano.

Mga karagdagang pangangailangan ng sakop:

- Ang mga pasya hinggil sa pamumuhunan at pamamahala ng account ay kailangang pinamamahalaan ng isang plan administrator (tagapangasiwa ng plano) (hindi self-directed ng kalahok)
- Dapat hawak ng plan administrator ang mga papeles na sumusuporta sa plano at nagsasaad ng mga interes sa benepisyado ng mga kalahok
- Kailangang maayos na tinitulo ang account bilang isang employee benefit account sa bangko

Kapag nasapatan ang lahat nitong mga kinakailangan, iseseguro ng FDIC ang interes sa plano ng bawat kalahok

nang hanggang sa \$250,000, hiwalay sa anumang mga account na maaaring mayroon ang pinagtatrabahuhan o empleyado sa parehong institusyon na isineguro ng FDIC. Ang segurong ito ay madalas tinatawag ng FDIC "pass-through coverage" dahil ang sakop ng seguro ay dumadaan sa pinagtatrabahuhan (ang employer, o agent) na nagtatag ng account papunta sa empleyado na tinuturing na may-ari ng mga pondo.

Kahit kuwalipikado ang mga plano para sa pass-through coverage, ang sakop ng seguro ay hindi maaring matiyak sa pamamagitan lamang ng pagmumultiplika ng bilang ng mga kalahok sa \$250,000 dahil kadalasan ang mga plan participants (mga kalahok ng plano) ay may magkakaibang mga interes sa plano. Upang matiyak ang pinakamalaking halaga na maaring magkaroon ang isang plano sa deposito sa isang bangko at manatiling ganap na nakaseguro, kilalanin muna ang kalahok na may pinakamalaking kabahagi ng mga pag-aari ng plano, at kalkulahan ang bahagi ng kalahok bilang isang porsiyento ng kabuuang mga ari-arian ng plano. Pagkatapos hatiin ang \$250,000 sa porsiyentong iyon upang makuha ang pinakamalaking halaga na maaring ideposito ng isang plano sa isang bangko.

Halimbawa: Kung ang plano ay may 20 kalahok, ngunit ang isang kalahok ay may 80% na kabahagi sa mga pag-aari ng plano, \$312,500 ang pinakamalaking halaga na maaring magkaroon ang plano na nakadeposito sa isang bangko at manatili pa ring ganap na nakaseguro. Ang halaga ay kakalkulahan gaya ng sumusunod: \$250,000 na hinati sa 80% o 0.80 = \$312,500.

Halimbawa 6:

Ang employee benefit plan, o planong nagbibigay ng benepisyo para sa empleyado, na kuwalipikado para sa 'sakop na pass-through'

Ang Happy Pet Vet Clinic ay may profit-sharing plan para sa mga empleyado nito

Titulo ng Account		Balanse		
Plano ng Benepisyo ng Happy Vet Clinic		\$700,000		
Plano Mga Kalahok	Plano Kabahagi	Kabahagi ng Deposito	Halagang Nakaseguro	Halagang Hindi Nakaseguro
Dr. Todd	35%	\$ 245,000	\$ 245,000	\$ 0
Dr. Jones	30%	210,000	210,000	0
Tech Evans	20%	140,000	140,000	0
Tech Barnes	15%	105,000	105,000	0
Kabuanan ng Plano	100%	\$ 700,000	\$ 700,000	\$ 0

Paliwanag

Ang depositong \$700,000 ng employee benefit plan, o planong nagbibigay ng benepisyo sa empleyado, ay ganap na nakaseguro. Dahil ang kabahagi ni Dr. Todd sa depositong \$700,000 (35% ng \$700,000 = \$245,000) ay mas mababa kaysa \$250,000, at ang lahat ng mga kabahagi ng mga ibang kalahok sa deposito ay mas mababa kaysa \$250,000, ang buong deposito ay nakaseguro.

Upang matiyak ang pinakamalaking halaga na maaring ideposito sa isang bangko ng employee benefit plan (planong nagbibigay ng benepisyo sa empleyado) at matiyak na lahat ng mga pondo ay nasakop nang ganap, hatiin ang \$250,000 sa percentage share ng kalahok sa plano na may pinakamalaking interes sa plano. Sa halimbawang ito, \$714,285 ang pinakamalaking balanse na ganap na maseseguro para sa planong ito. Ang halaga ay kakalkulahan gaya ng sumusunod: \$250,000 na hinati sa 35% o 0.35 = \$714,285.

Ang mga kalahok sa plano na nais malaman nang higit pa tungkol sa kung paano isineseguro ang mga deposito ng employee benefit plan (planong nagbibigay ng benepisyo sa empleyado) ay dapat kumonsulta sa tagapangasiwa ng plano.

Mahalaga!

Ang mga deposito sa employee benefit plan (planong nagbibigay ng benepisyo sa empleyado) na hindi kuwalipikado para sa "sakop na pass-through", katulad ng mga health at welfare plan (mga plano para sa kalusugan at kapakanan), ay isineseguro nang hanggang \$250,000 bawat bangko. Ang mga health at welfare plans ay karaniwang hindi kuwalipikado para sa "sakop na pass-through" dahil hindi maaring matiyak ang mga interes ng mga kalahok. Ang kalahok ay tatanggap ng mga bayad mula sa plano batay sa mga claims.

Mga Account ng mga Korporasyon/ Samahan (Partnership)/Asosasyong Hindi Ingkorporada

Ang mga depositong pag-aari ng mga korporasyon, partnership at asosasyong hindi ingkorporada, kabilang ang mga organisasyong pinagkakakitaan at hindi pinagkakakitaan ('for-profit' at 'not-for-profit'), ay isineseguro sa ilalim ng parehong kategoriya ng pag-aari. Ang mga ganitong deposito ay isineseguro nang hiwalay sa mga personal na deposito ng mga may-ari, stockholder, mga kasosyo o mga miyembro ng organisasyon.

Upang maging kwalipikado para sa sakop ng seguro sa ilalim nitong kategoriya ng pagmamay-ari, ang korporasyon, samahan o asosasyong hindi ingkorporada ay kailangang abala sa isang "independiyenteng aktibidad," nangangahulugang ang entidad ay pinamamahalaan higit sa lahat para sa isang layunin maliban sa pagpapataas ng sakop ng seguro sa deposito.

Ang lahat ng mga deposito na pag-aari ng isang korporasyon, samahan, o asosasyong hindi ingkorporada sa parehong bangko ay pinagsasama-sama at isineseguro nang hanggang sa \$250,000.

Ang mga account na pag-aari ng parehong korporasyon, samahan, o asosasyong hindi ingkorporada ngunit itinalaga para sa mga magkakaibang layunin ay hindi hiwalay na iseseguro.

Halimbawa: Kung ang korporasyon ay may isang operating account at isang reserve account sa parehong bangko, pagsasamahin ng FDIC ang dalawang account at isiseguro ang mga deposito hanggang sa \$250,000. Gayundin, kung ang korporasyon ay may mga dibisyon o mga yunit na hindi hiwalay

na iningkorporada, pagsasamahin ng FDIC ang mga deposit account ng mga dibisyon o yunit na iyon sa anumang ibang deposit account ng korporasyon sa bangko, at ang kabuuan ay isesiguro nang hanggang sa \$250,000.

Ang dami ng mga kasosyo, miyembro o account signatories na napatunayan ng isang korporasyon, samahan o asosyong hindi ingkorporada, ay **hindi** nakaka-apekto sa sakop ng seguro.

Halimbawa: Sinisiguro ng FDIC ang mga depositong pag-aari ng isang homeowners' association sa isang nakasegurong bangko nang hanggang \$250,000 sa kabuuan, hindi \$250,000 para sa bawat miyembro ng asosasyon.

Ang mga asosyong hindi ingkorporada na karaniwang isinesiguro sa ilalim ng kategoriyang ito ay ang mga simbahan at ibang mga relihiyosong organisasyon, mga organisasyon ng komunidad, organisasyong sibiko at mga social club.

Mahalaga!

Ang mga account na nasa pangalan ng isang sole proprietorship (kaisa-isang pagmamay-ari) ay hindi isinesiguro sa ilalim nitong kategoriya ng pagmamay-ari. Sa halip, ito ay isinesiguro bilang mga deposito ng may-ari sa single account, na isasama sa kanyang mga ibang single account, kung mayroon man, sa parehong bangko at ang kabuuan ay isesiguro hanggang sa \$250,000.

Mga Account ng Pamahalaan

Kabilang sa kategoriyang kilala bilang Government accounts, o mga account ng Pamahalaan (tinatawag din mga Public Unit account), ang mga deposit account ng:

- Estados Unidos, kabilang ang mga ahensiyang pederal
- Anumang estado, county, munisipyo (o isang political na subdivision ng anumang estado, county o munisipyo), ng Distrito ng Columbia, Puerto Rico at ng ibang mga pag-aari at teritoryo ng pamahalaan
- Isang tribong Indian

Ang sakop ng seguro ng isang account ng pamahalaan ay kakaiba dahil ang sakop ng seguro ay ipinagkakaloob sa opisyal na tagapag-ingat (custodian) ng mga deposito na pag-aari ng pamahalaan o ng public unit, at hindi sa government unit mismo.

Sakop mula Disyembre 31, 2010 hanggang Hulyo 20, 2011

Simula Disyembre 31, 2010 ang mga noninterest-bearing transaction accounts, o mga transaction accounts na hindi gumagana ng interes, ay magkakaroon ng unlimited coverage, o sakop na walang hangganan.

Kung kaya, sa panahong ito, ang mga accounts na hawak ng isang opisyal na tagapag-ingat ng isang government unit ay isineguro gaya ng sumusunod:

- hanggang sa \$250,000 para sa pinagsamang kabuuan ng lahat ng mga time at savings deposits (**kabilang ang mga NOW accounts**), at
- sakop na walang hangganan para sa mga noninterest-bearing transaction accounts

Hanggang Hulyo 20, 2011, walang diperensiya ang deposit insurance coverage, o sakop ng seguro sa deposito, kapag idineposito ng opisyal na tagapag-ingat ang pera sa isang nakasegurong bangko na nasa loob at nasa labas ng estado.

Sakop mula Hulyo 21, 2011 hanggang Disyembre 31, 2012

Simula Hulyo 21, 2011, papahintulutan ang mga bangko na magbayad ng interes sa mga demand deposit accounts. Bilang resulta, sa panahong ito, ang mga accounts na hawak ng isang opisyal na tagapag-ingat ng isang government unit ay isesiguro gaya ng sumusunod:

Mga in-state accounts

- hanggang \$250,000 para sa pinagsamang halaga para sa lahat ng mga time at savings accounts (**kabilang ang mga NOW accounts**)
- hanggang \$250,000 para sa pinagsamang halaga ng lahat ng mga interest-bearing demand deposit accounts, at
- sakop na walang hangganan para sa mga noninterest-bearing transaction accounts

Mga Out-of-state accounts

- hanggang \$250,000 para sa pinagsamang halaga ng lahat ng mga time accounts, savings accounts (**kabilang ang mga NOW accounts**) at mga interest-bearing demand deposit accounts, at
- sakop na walang hangganan para sa mga noninterest-bearing transaction accounts

Sakop simula Enero 1, 2013

Sa Enero 1, 2013, mawawalang-bisa ang pansamantalang sakop na walang hangganan para sa mga noninterest-bearing transaction accounts. Kung kaya, ang mga accounts na hawak ng isang opisyal na tagapag-ingat ng isang government unit ay isesiguro gaya ng sumusunod:

Mga in-state accounts

- hanggang \$250,000 para sa pinagsamang halaga ng lahat ng mga time at savings accounts (**kabilang ang mga NOW accounts**), at
- hanggang \$250,000 para sa lahat ng mga demand deposit accounts (interest-bearing at non-interest bearing)

Mga Out-of-state accounts

- hanggang \$250,000 para sa pinagsamang kabuuan ng lahat ng mga deposit accounts

Mahalaga!

Ang isang Negotiable Order of Withdrawal (NOW) account ay isang savings deposit account, **hindi** isang demand deposit account.

Upang matuto nang higit pa tungkol sa sakop ng seguro sa deposito para sa mga Account ng Pamahalann, tingnan ang Pilyego ng mga Katotohanan, o Fact Sheet, ng FDIC - Mga Seguro sa Deposito para sa mga Account na Hawak ng mga Government Depositor sa: www.fdic.gov/deposit/deposits/factsheet.html

Mga Tanong at Mga Sagot

1. Paano ako magiging kwalipikado para sakop ng seguro ng FDIC, sa halagang higit pa sa \$250,000?

Nagbibigay ang FDIC ng hiwalay na sakop ng seguro para sa mga deposito ng depositor sa parehong bangkong nakaseguro kung ang mga pondo ay nasa magkakaibang kategoriya ng pagmamay-ari. Upang maging kwalipikado para sa pinalawak na sakop na ito, ang mga kinakailangan para sa sakop ng seguro sa bawat kategoriya ng pagmamay-ari ay dapat matugunan.

Ipinapakita ng halimbawa sa ibaba kung paano ang isang pamilyang may apat na miyembro - isang asawang lalaki at asawang babae na may dalawang anak - ay maaaring maging kwalipikado para sa hanggang \$3 milyon na sakop mula sa FDIC sa isang nakasegurong bangko. Ipinalagay ng halimbawang ito na ang mga pondo ay nasa mga kwalipikadong deposit products, o mga tipo ng deposito, sa isang nakasegurong bangko, at ang mga ito lamang ang mga account na mayroon ang pamilya sa bangko.

Pansinin: Ang tanging layunin nitong halimbawa ay ang paglarawan ng paggamit ng iba't ibang account ownership categories, o mga kategoriya ng pagmamay-ari ng account, at **hindi** ang pagbigay ng payo sa estate planning (pagpapalano ng mga ari-arian).

Halimbawa 7: Sakop ng seguro para sa isang pamilyang may apat na deposit account sa higit sa isang kategoriya ng pagmamay-ari.

Titulo ng Account	Kategoriya ng Pagmamay-ari ng Account	May-ari	Benepis
Asawang Lalaki	Single Account	Asawang Lalaki	
Asawang Babae	Single Account	Asawang Babae	
Asawang Lalaki IRA	Partikular na Account sa Pagreretiro	Asawang Lalaki	
Asawang Babae IRA	Partikular na Account sa Pagreretiro	Asawang Babae	
Mag-asawa	Joint Account	Mag-asawa	
Asawang Lalaki POD	Maaaring Bawiing Trust Account	Asawang Lalaki	
Asawang Babae POD	Maaaring Bawiing Trust Account	Asawang Babae	
Living Trust ng Mag-asawa	Maaaring Bawiing Trust Account	Mag-asawa	
Kabuuan			

Paliwanag

Kategoriya Ng Pagmamay-ari na Single Account

Pinagsasama ng FDIC ang lahat ng mga single account na pag-aari ng parehong tao sa parehong bangko, at isineseguro ang kabuuan hanggang \$250,000. Ang mga single account

deposit ng Asawang Lalaki ay hindi lumalampas sa \$250,000 kung kaya ang mga pondo niya ay ganap na nakaseguro. Ang mga parehong katotohanan ay angkop sa mga single account deposit ng Asawang Babae. Kapwa account ay ganap na nakaseguro.

Kategoriya ng Pagmamay-ari na Partikular na Account para sa Pagreretiro

Pinagsasama ng FDIC ang lahat ng mga partikular na account sa pagreretiro na pag-aari ng parehong tao sa parehong bangko at isineseguro ang kabuuan hanggang sa \$250,000. Ang Mag-asawa ay may tig-isang depositong IRA sa bangko na may balanseng \$250,000. Dahil ang bawat account ay nasa loob ng hangganan ng seguro, ang mga pondo ay ganap na nakaseguro.

Kategoriya ng Pagmamay-ari na Joint Account

Ang Mag-asawa ay may isang joint account sa bangko. Pinagsasama ng FDIC ang mga kabahagi ng lahat ng mga joint account sa bangko ng bawat kasosyong may-ari at isineseguro ang kabuuan ng bawat kasosyong may-ari nang hanggang \$250,000. Ang kabahagi ng pagmamay-ari ng Asawang Lalaki sa lahat ng mga joint account sa bangko ay katumbas ng ½ ng joint account o \$250,000, kaya ang kanyang kabahagi ay ganap na nakaseguro. Ang kabahagi ng pag-aari ng Asawang Babae sa lahat ng mga joint account sa bangko ay katumbas ng ½ ng joint account o \$250,000, kaya ang kanyang kabahagi ay ganap na nakaseguro.

Kategoriya ng Pagmamay-ari na Maaaring Bawiing Trust Account (Revocable Trust Account)

Upang matiyak ang sakop ng seguro para sa mga maaaring bawiing trust account, tinitiyak muna ng FDIC ang bahagi ng mga deposito ng trust na pag-aari ng bawat may-ari. Sa halimbawang ito:

- Kabahagi ng Asawang Lalaki = \$750,000 (100% ng POD account ng Asawang Lalaki na binabanggit ang Asawang Babae bilang benepisyaryo at 50% ng Husband and Wife Living Trust account, na kumikilala sa Anak 1 at Anak 2 bilang mga benepisyaryo)
- Kabahagi ng Asawang Babae = \$750,000 (100% ng POD account ng Asawang Babae na binabanggit ang Asawang Lalaki bilang benepisyaryo at 50% ng Husband and Wife Living Trust Account, na kumikilala sa Anak 1 at Anak 2 bilang mga benepisyaryo)

Pangalawa, tinitiyak ng FDIC ang dami ng mga benepisyaryo ng bawat may-ari. Sa halimbawang ito, ang bawat may-ari ay may tatlong kakaibang benepisyaryo (Asawa, Anak 1 at Anak 2). Kapag ang may-ari ng maaaring bawiing trust ay nagbabanggit ng lima o mas kaunti pang kakaibang benepisyaryo, ang may-ari ay iseseguro nang hanggang \$250,000 para sa bawat isang kakaibang benepisyaryo. Ang kabahagi ng Asawang Lalaki sa mga maaaring bawiing trust deposit ay iseseguro nang hanggang \$750,000 (\$250,000 pinarami sa tatlong mga benepisyaryo = \$750,000). Ang kabahagi ng Asawang Babae sa mga maaaring bawiing trust deposit ay iseseguro nang hanggang \$750,000 (\$250,000 pinarami sa tatlong mga benepisyaryo = \$750,000).

Kamatayan ng May-ari ng Account o Benepisyaryo

2. Ano ang mangyayari sa sakop ng seguro kapag namatay ang may-ari ng account?

Isineseguro ng FDIC ang account ng isang namatay na tao na para bang buhay pa ang naturang tao hanggang sa anim na buwan pagkamatay ng may-hawak ng account (account holder). Sa panahong palugit na ito, ang sakop ng seguro sa mga account ng may-ari ay hindi magbabago maliban kung ang mga istraktura ng account ay binago ng mga partidong pinahintulatang gawin ito. Karagdagan, hindi ipapatupad ng FDIC itong panahong palugit kung magresulta sa mas mababang sakop.

3. Ano ang epekto ng kamatayan ng isang benepisyaryo ng isang hindi pormal na maaaring bawiing trust, o informal revocable trust (halimbawa account na POD na account) sa sakop ng seguro?

Walang panahong palugit kung namatay ang benepisyaryo ng isang POD account. Kadalasan, ang sakop ng seguro para sa mga deposito ay agad ibababa.

Halimbawa: Nagdeposito ang isang ina ng \$500,000 sa isang POD account sa isang nakasegurong bangko at ang kanyang dalawang anak ang binanggit bilang mga benepisyaryo sa mga tala ng account sa bangko. Habang buhay pa ang may-ari at kapwa benepisyaryo, ang account ay nakaseguro hanggang \$500,000 (\$250,000 pinarami sa dalawang benepisyaryo = \$500,000). Kung mamatay ang isang benepisyaryo, ang sakop ng seguro para sa POD account ng ina ay agad ibaba papuntang \$250,000 (\$250,000 pinarami sa isang benepisyaryo = \$250,000).

4. Ano ang epekto ng kamatayan ng isang benepisyaryo ng isang pormal na maaaring bawiing trust, o formal revocable trust, sa sakop ng seguro?

Katulad ng mga hindi pormal na maaaring bawiing trust, ang panahong palugit na anim na buwan ay hindi angkop sa kamatayan ng isang benepisyaryong binanggit sa isang pormal na maaaring bawiing trust account. Subalit, ang mga tadhana ng pormal na maaaring bawiing trust ay maaaring pumayag na magkaroon ng isang kahaliling benepisyaryo o ilang ibang muling pagbabahagi (redistribution) ng mga trust deposit. Depende sa mga tadhanang ito, ang sakop sa seguro ay maaaring magbago o hindi.

Pagsasama-sama ng mga Nakasegurong Bangko

5. Ano ang mangyayari sa sakop ng aking seguro kung mayroon akong mga deposito sa dalawang nakasegurong bangkong nagsama-sama?

Kapag ang dalawa o higit pang mga nakasegurong bangko ay magsasama-sama, ang mga deposito mula sa biniling bangko ay isineseguro nang hiwalay sa mga deposito ng bumibiling bangko sa buong itinagal ng anim na buwan man lamang pagkatapos ng pagsasama-sama. Itong panahong

palugit ay magbibigay sa depositor ng pagkakataong ibahin ang istraktura ng kanyang mga account, kung kailangan.

Ang mga CD mula sa biniling bangko ay hiwalay na iseseguro hanggang sa pinakamaagang petsa ng maturity makalipas ang pagtatapos ng panahong palugit na anim na buwan. Ang mga CD na nag-mature sa loob ng panahon na anim na buwan at na-renew para sa parehong taning at sa parehong dolyar na halaga (maging mayroon o walang naipong interes) ay patuloy na isesegurong hiwalay hanggang sa unang petsa ng maturity makalipas ang panahong anim na buwan. Kung ang isang CD ay nag-mature sa loob ng panahong palugit na anim na buwan at na-renew sa anumang ibang batayan, ito ay hiwalay na iseseguro hanggang lamang sa pagtatapos ng panahong palugit na anim na buwan.

Mga Pinagkatiwalang Account (Fiduciary Account)

6. Ano ang mga pinagkatiwalang account?

Ang mga pinagkatiwalang account, o fiduciary account, ay mga deposit account na pag-aari ng isang partido ngunit hawak ng ibang partido sa isang kapasidad na pagkatiwala. Maaring mabilang sa mga ugnayang pagkatiwala, o mga fiduciary relationship, ngunit hindi limitado sa, ang isang ahente, nominado, tagapag-alaga, nagpapatupad o tagapag-ingat. Kabilang sa mga common fiduciary account ang mga account na Uniform Transfers to Minors Act, mga 'escrow account', mga 'Interest On Lawyer' Trust Account at mga deposit account na nakuha sa pamamagitan ng isang broker.

7. Ano ang mga disclosure requirements, o pangangailangan sa pagpapaalam, ng FDIC hinggil sa mga pinagkatiwalang (fiduciary) account?

Ang pagkatiwalang uri ng account ay kailangang nakasaad sa mga rekord ng deposit account ng bangko (halimbawa, "Jane Doe bilang Tagapag-ingat para kay Susie Doe" o "First Real Estate Title Company, Escrow Account ng Kliyente"). Ang pangalan at ownership interest (interes sa pagmamay-ari) ng bawat may-ari ay dapat maaring matiyak gamit ang mga tala ng deposit account ng nakasegurong bangko o mula sa mga talang pinanatili ng ahente (o ng ibang tao o entidad na sumang-ayong pangalagaan ang mga tala para sa ahente).

Ang mga espesyal na patakaran sa pagpapaalam ay ipapatupad sa mga multi-tiered na fiduciary relationship, o ugnayang pagkatiwala. Kung pagsasamahin ng ahente ang mga deposito ng maraming may-ari sa isang account at ang mga patakaran sa pagpapaalam ay natugunan, ang mga deposito ng bawat may-ari ay iseseguro bilang mga deposito ng may-aring iyon.

8. Paano isineseguro ng FDIC ang mga pondong idineposito ng isang pinagkakatiwalaan, o fiduciary?

Ang mga pondong idineposito ng isang fiduciary, o katiwala para sa isang tao o entidad (ang may-ari) ay isineseguro bilang mga deposito ng may-ari kung natugunan ang mga pangangailangan sa pagpapaalam hinggil sa mga pinagkatiwalang (fiduciary) account.

9. Ang mga pondong idineposito ng isang katiwala (fiduciary) ay isineseguro ba nang hiwalay mula sa mga ibang deposit account ng may-ari na na sa parehong bangko?

Ang mga pondong idineposito ng isang fiduciary, o katiwala para sa isang tao o entidad (ang may-ari) ay idadagdag sa anumang ibang mga deposito ng may-ari sa parehong kategoriya ng pagmamay-ari sa parehong bangko at iseseguro hanggang sa angkop na hangganan.

Halimbawa: Bumili ang broker ng CD sa halagang \$250,000 para sa isang customer sa ABC Bank. Ang customer ay mayroon nang checking account sa kanyang pangalan sa ABC Bank na \$15,000. Ang mga dalawang account ay pagkasamahin at iseseguro nang hanggang \$250,000 sa kategoriya ng pagmamay-ari na single account. Dahil ang mga single ownership na deposito ng customer ay umabot sa \$265,000, ang \$15,000 ay hindi nakaseguro.

Mga Health Savings Accounts

10. Ano ang isang Health Savings Account?

Ang Health Savings Account (HSA) ay isang tax-exempt trust (trust na hindi binubuwisan) o custodial deposit na kuwalipikado sa IRS, na itinatag sa isang kuwalipikadong HSA trustee, gaya ng isang bangkong isineguro ng FDIC, upang mabayaran ang isang depositor para sa kanyang ilang gastos sa pagpapagamot o masauli sa kanya ang bahagi ng kanyang ginugol.

11. Paano isineseguro ng FDIC ang isang HSA?

Ang isang HSA, gaya ng anumang ibang deposito, ay isineseguro batay sa kung sino ang may-ari ng mga pondo at kung ang mga benepisyaryo ay nabanggit. Kung nagbukas ang isang depositor ng isang HSA at nagbanggit siya ng mga benepisyaryo maging sa HSA agreement o sa mga tala ng bangko, iseseguro ng FDIC ang deposito sa ilalim ng kategoriya ng pagmamay-ari ng Revocable Trust Account. Kung nagbukas ang isang depositor ng isang HSA at hindi siya nagbanggit ng sinumang benepisyaryo, iseseguro ng FDIC ang deposito sa ilalim ng kategoriya ng pagmamay-ari ng Single Account.

12. Paano dapat ititulo ang isang HSA?

Ang pagkilala ng isang deposito bilang isang HSA, gaya ng "HSA ni John Smith" ay sapat para sa pagtitulo ng deposito upang maging kuwalipikado para sa sakop ng Single Account o Revocable Trust Account, depende sa kung mayroong mga kuwalipikadong benepisyaryong nabanggit.

Mga Mortgage Servicing Accounts

13. Paano isineseguro ang mga Mortgage Servicing Accounts?

Ang mga Mortgage Servicing Accounts ay mga accounts na pinangangalagaan ng isang mortgage servicer, sa isang custodial o ibang fiduciary capacity (sa isang kapasidad bilang tagapag-ingat o ibang kapasidad na pagkatiwala), na binubuo ng mga bayad ng principal at interest (P&I) mula sa mga mortgagor, o mga nagsangla ng ari-arian.

Isineseguro ang natitipong balanseng ibinayad sa account ng mga mortgagor. Ang sakop ay ibinibigay sa mortgage servicer o mortgage investor, sa halagang hanggang \$250,000 bawat mortgagor (ang borrower o may-utang). Ang kalkulasyon ng sakop para sa bawat P&I account ay hiwalay kung ang mortgage servicer o mortgage investor ay nagtaguyod ng higit sa isang P&I account sa isang bangko.

Halimbawa, ang isang mortgage servicer ay nangongolekta mula sa isang libong iba't ibang may-utang ng kanilang buwanang mortgage payment sa halagang \$2,000 (P&I) at inilalagay ang mga pondo sa isang mortgage servicing account. Nakaseguro ba ang natipong \$2,000,000 na balanse ng mortgage servicing account ng mortgage servicer? Oo, ang account ay ganap na nakaseguro sa mortgage services dahil ang bawat bayad na \$2,000 (P&I) mula sa mga mortgagor ay hiwalay na nakaseguro nang hanggang sa \$250,000.

Kahit madalas nangongolekta at nagtatabi ng tax at insurance (T&I, o mga bawad para sa buwis at seguro) ang mga mortgage servicer, itong mga account ay ipinanatiling hiwalay at hindi itinuturing mga Mortgage Servicing Account para sa mga hangarin ng seguro sa deposito. Ang mga T&I deposits ay pag-aari ng mga mortgagor hanggang mabayad ang kanilang mga real estate taxes at/o property insurance premium sa taxing authority o insurance company. Ang mga T&I deposits ay isineseguro sa isang "pass-through" basis sa bawat mortgagor.

Ang mga Coverdell Education Savings Accounts

14. Paano isineseguro ang isang Coverdell Education Savings Account?

Isineseguro ang isang Coverdell Education Savings Account bilang isang irrevocable trust account. Kahit itong account ay madalas na tinatawag na isang Education IRA, ito ay walang kinalaman sa pagreretiro at sa gayon hindi isineseguro bilang isang self-directed retirement account. Ito ay isang pangakong hindi maaaring bawiin na binuo upang magbayad ng mga kuwalipikadong gastos sa pag-aaral ng isang itinalagang benepisyaryo.